



Republic of the Philippines
Department of Education
REGION IX, ZAMBOANGA PENINSULA
SCHOOLS DIVISION OF DAPITAN CITY

**Office of the Schools Division
Superintendent**

3 Agosto 2026

DIVISION MEMORANDUM
No. 311, s. 2026

**PAGHAHANDA AT PAGSUSUMITE NG MGA DESIGNATION ORDERS NG MGA GURO
NA MAY MGA TEACHING-RELATED ASSIGNMENTS**

Sa: Assistant Schools Division Superintendent
Chief Education Supervisors (CID at SGOD)
Education Program Supervisors
Public Schools District Supervisors
Lahat ng mga Pinuno ng Pampublikong Paaralan
Lahat ng Iba Pang Kinauukulan


1. Alinsunod sa Department Memorandum No. 053, s. 2024 o ang *Guidelines on the Designation of Teachers to Perform Teaching-Related Assignments*, ang lahat ng School Heads ay inaatasang ihanda at isumite sa Office of the Schools Division Superintendent (SDS) ang Designation Order ng mga gurong itatalaga sa mga teaching-related assignments para sa kaukulang pag-apruba.
2. Ang mga sumusunod na teaching-related assignments ay kinakailangang magkaroon ng kaukulang Designation Order, kung naaangkop sa paaralan:
 - a. School Research Coordinator;
 - b. School SNED Coordinator;
 - c. School ICT Coordinator;
 - d. School Guidance and Advocacy Coordinator;
 - e. School Inclusive Education Coordinator (*kung naaangkop*);
 - f. Reading/Literacy and Numeracy Coordinator;
 - g. School Paper Trainer/Adviser;
 - h. Sports Development Program Coordinator/School Sports Coordinator;
 - i. School Elementary Learner Government (SELG) o Supreme Secondary Learner Government (SSLG) Adviser/Coordinator;
 - j. Grade Level Chairperson; at
 - k. Learning Area Chairperson.
3. Sa pagtatalaga ng mga guro sa mga nabanggit na tungkulin, bibigyang-prioridad ang mga sumusunod:
 - a. Mga gurong may aktuwal na teaching load na mas mababa sa anim (6) na oras bawat araw; at
 - b. Mga gurong ang espesyalisasyon, kakayahan, pagsasanay, karanasan, at propesyonal na kahandaan ay naaayon sa itatalagang tungkulin.



Republic of the Philippines
Department of Education
REGION IX, ZAMBOANGA PENINSULA
SCHOOLS DIVISION OF DAPITAN CITY

4. Ang mga teaching-related assignments na nakasaad sa memorandum na ito ay isasagawa bukod pa sa mga ancillary tasks na itinalaga sa guro. Ang pagsasagawa ng mga gawaing ito ay hindi dapat makaapekto sa pagtupad ng pangunahing tungkulin ng guro sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral.
5. Alinsunod sa umiiral na mga patakaran ng Kagawaran ng Edukasyon, ang mga teaching-related assignments na isinasagawa lampas sa itinakdang oras ng trabaho ng guro at pagkatapos ng klase, kung awtorisado at naaayon sa umiiral na mga alituntunin, ay maaaring mabigyan ng kaukulang Overtime Pay o Vacation Service Credits, alinsunod sa mga umiiral na batas, tuntunin, at regulasyon.
6. Ang lahat ng School Heads ay inaasahang magsumite sa Tanggapan ng Tagapamanihala ng Sangay ng Lungsod ng Dapitan ng mga sumusunod sa Agosto 7, 2026 upang matiyak ang maayos na implementasyon ng Department Memorandum No. 053, s. 2024:
 - a. Orihinal na nilagdaan at napagtibay na **Designation Order** gamit ang kalakip na template (Annex A) para sa pag-apruba ng Schools Division Superintendent; at
 - b. Matapos maaprubahan, isang (1) kopya ng bawat aprubadong Designation Order na isusumite sa School Governance and Operations Division (SGOD) para sa opisyal na filing, monitoring, at validation.
7. Kalakip ng Memorandum na ito ang *Annex A – Template ng Designation Order para sa Teaching-Related Assignments*, na magsisilbing pamantayang format sa paghahanda ng lahat ng Designation Orders. Ang lahat ng School Heads ay inaatasang gamitin ang kalakip na template upang matiyak ang pagkakaparepareho, kawastuhan, at pagsunod sa mga probisyon ng Department Memorandum No. 053, s. 2024.
8. Hinihiling ang mahigpit na pagsunod sa memorandum na ito.


JAY S. MONTEALTO, CESO V
Tagapamanihala ng Sangay





Republic of the Philippines
Department of Education
REGION IX, ZAMBOANGA PENINSULA
SCHOOLS DIVISION OF DAPITAN CITY

Annex A – Template ng Designation Order para sa Teaching-Related Assignments
Mangyaring gamitin ang opisyal na letterhead (school stationery) ng inyong paaralan sa paghahanda ng Designation Order para sa Teaching-Related Assignments.

DESIGNATION ORDER FOR TEACHING-RELATED ASSIGNMENTS

The following personnel are hereby designated to the following teaching-related assignments:

No.	Teaching-related Assignment	Name of Personnel	Position	Duties and Responsibilities	Signature of Concerned Teacher
	School Coordinator				
	Trainer/Adviser				
	Chairmanship				

As such, the abovementioned personnel are expected to perform the key duties and responsibilities specified above. This designation order shall be valid for [Duration of Designation Order].

Designated teachers are also authorized to render work beyond regular work hours and shall be granted equivalent Vacation Service Credits (VSC).

Recommended by:

[Name of School Head]
[Position]
[School]

Approved by:

[Name of Schools Division Superintendent]
[Position]
[SDO]

Copy furnished:

SDO-SGOD
SDO-Administrative Unit (Personnel Section)